
# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

**ARALING PANLIPUNAN II**



ASIA-AFRICA SUMMIT

# MODYUL 21

## PAKIKIPAG-UGNAYANG ASYANO

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

## MODYUL 21

## PAKIKIPAG-UGNAYANG ASYANO

Habang papalaki ang mga pamayanan, paparami rin ang pangangailangan ng tao, kinakailangang mapabilis ang paggawa ng mga bagay na kailangan ng lahat. Walang pamayanan o bansa ang makapagsasabi na taglay nya ang lahat ng kanilang mga pangangailangan. Bawat isa ay may pagkukulang kung kaya kailangang makipag-ugnayan sa ibang bansa. Ito ang nagbigay-daan sa pagkakatatag ng iba't ibang samahan sa Asya na humahangga sa iba pang dako ng daigidig gaya ng Pasipiko, Europa, Latin Amerika at Africa. Lahat ng kaganapang ito ang tatalakayin ng modyul na ito.

May tatlong araling inihanda para sa inyo sa modyul na ito:

- Aralin 1: Association of Southeast Asian Nations (ASEAN)
- Aralin 2: Asia-Pacific Economic Cooperation (APEC)
- Aralin 3: Asia-Europe Meeting (ASEM), Forum for East Asia-Latin America Cooperation (FEALAC), at Asia-Africa Summit

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Matalakay ang pagkakatatag ng mga sumusunod na samahan:
   - Association of Southeast Asian Nations (ASEAN)
   - Asia-Pacific Economic Cooperation (APEC)
   - Asia-Europe Meeting (ASEM)
   - Forum for East Asia-Latin America Cooperation (FEALAC); at
   - Asia-Africa Summit
2. Matutukoy ang mga layunin at bansang kasapi ng mga nabanggit na samahan;
3. Masusuri ang mga mahahalagang nagawa ng mga nabanggit na samahan; at

4. Maipaliliwanag ang pagpapasya ng mga samahang Asyano na hubugin ang kanilang hinaharap na mapanatili at makapagbigay-lakas sa pagkakasatuparan ng kanilang mga proyekto.

Handa ka na ba? Subukan mong sagutin ang mga sumusunod na tanong. Huwag kang mangamba sa pagsagot. May mga tulong sa pag-aaral na inihanda para sa iyo.




**PANIMULANG PAGSUSULIT:**

Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Kailan itinatag ang ASEAN?
   A. Agosto 4, 1967
   B. Agosto 8, 1967
   C. Agosto 12, 1967
   D. Agosto 16, 1967

2. Ilan ang orihinal na bansang kasapi sa ASEAN?
   A. 4
   B. 5
   C. 6
   D. 7

3. Alin sa mga sumusunod ay di-orihinal na miyembro ng ASEAN?
   A. Thailand
   B. Pilipinas
   C. Indonesia
   D. Brunei

4. Saang lugar itinatag ang ASEAN?
   A. New Delhi, India
   B. Jakarta, Indonesia
   C. Bangkok, Thailand
   D. Hanoi, Vietnam

5. Alin sa mga ss. na bansa ang pinakahuling sumapi sa ASEAN?
   A. Vietnam
   B. Laos
   C. Myanmar
   D. Cambodia

6. Ano ang ibig sabihin ng ASEAN?
    A. Army of Southeast Asian Nations
    B. Association of Southeast African Nations
    C. Artists of Southeast American Neighbors
    D. Association of Southeast Asian Nations

7. Alin lamang ang layunin ng ASEAN sa mga ss. na pahayag?
    A. Bigyang Tulong ang mga Biktima ng ikalawang Digmaang Pandaigdig
    B. Isulong ang kaunlarang pang-ekonomiya, sosyal at kultural
    C. Bigyang pansin ang Suliranin sa Kapaligiran
    D. Isulong ang Karapatan ng mga Kababaihan

8. Ilang taon na ngayon ang ASEAN?
    A. 36
    B. 37
    C. 38
    D. 39

9. Alin sa mga ss. ang di-kabilang sa mga pangunahing panuntunan ng ASEAN?
    A. Pagwawaksi sa paggamit ng puwersa
    B. Pagtulong sa mga bansa sa pagpapatalsik ng mga ito sa mga diktador
    C. Pagbibigay galang sa isa't isa
    D. Pagtutulungan ng mga kasaping bansa

10. Ilang milyon ang bilang ng mga taong naninirahan sa Timog-Silangang Asya?
    A. 500 milyon
    B. 600 milyon
    C. 700 milyon
    D. 800 milyon

11. Kailan sumapi ang Vietnam sa ASEAN?
   A. Hulyo 23, 1997
   B. Abril 30, 1999
   C. Hulyo 28, 1995
   D. Enero 8, 1984

12. Gaano kalaki ang pinagsama-samang GDP o Gross Domestic Product ng mga bansang kasapi sa ASEAN?
   A. 450 bilyong dolyar
   B. 737 bilyong dolyar
   C. 981 bilyong dolyar
   D. 807 bilyong dolyar

13. Saang bansa nagsimula ang APEC?
   A. Singapore
   B. Hapon
   C. Australya
   D. Estados Unidos

14. Alin sa mga ss. ang nagsasaad ng layuning magkaroon ng isang Malaya at bukas na kalakalan at pamumuhunan sa Asya-Pasipiko?
   A. Asia-Pacific Economic Cooperation
   B. Asia-Pacific Economic Conference
   C. Asia-Pacific Economic Council
   D. Asia-Pacific Economic Coordination

15. Alin sa mga ss. ang nagsasaad ng layuning magkaroon ng isang Malaya at bukas na kalakalan at pamumuhunan sa Asya-Pasipiko?
   A. Layuning Bogor
   B. Osaka Action Agenda
   C. Early Voluntary Sectoral Liberalization
   D. Shanghai Accord

16. Saang bansa ginanap ang APEC ngayong taong ito?
    A. Timog Korea
    B. Australya
    C. Tsina
    D. Indonesia

17. Kailan huling ginanap ang APEC sa Pilipinas?
    A. 1996
    B. 1997
    C. 1998
    D. 1999

18. Sa aling bansa inilabas ng APEC ang unang pahayag nito kontra-terorismo?
    A. Taiwan
    B. Timog Korea
    C. Tsina
    D. Thailand

19. Alin sa mga ss. ang di-naganap sa ginawang APEC summit sa Bangkok, Thailand noong 2003?
    A. Unang pahayag ng APEC kontra-terorismo
    B. Pagsang-ayon ng APEC sa muling pagbubukas ng negosasyon sa WTO-DDA
    C. Pagkilala ng APEC sa paglaban sa terorismo bilang isang misyon
    D. Pagsang-ayon ng APEC sa pagtataguyod sa sistema ng pananalapi

20. Nakakailang Summit na ang APEC?
    A. 12
    B. 13
    C. 14
    D. 15


**ARALIN 1**

**ASSOCIATION OF SOUTH EAST ASIAN NATIONS (ASEAN)**



Minsan nang nagsama-sama ang mga bansa sa Timog-Silangang Asya. Nadama nila na halos iisa ang kanilang mga suliranin at maaari itong malutas sa sama-samang pagtutulungan. Dahil dito, natatag ang Association of South East Asian Nations.

Ang araling ito ay tatalakay sa pagkakatatag, layunin at mga mahahalagang nagawa ng ASEAN bilang samahan ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya.



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matatalakay ang pagkakatatag ng ASEAN;
2. Matutukoy ang mga layunin at mahalagang nagawa ng ASEAN;
3. Maipapaliwanag ang pagtutulungang pulitikal, ekonomiko at "functional" na kooperasyon;at
4. Matatalakay ang balangkas at mekanismo ng ASEAN.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Hanapin at Bilugan ang mga pangalan ng mga bansang kasapi ng ASEAN. Ang mga ito ay maaaring nakasulat pahalang, pababa at pahilis. Sampung (10) pangalan ang nakapaloob dito.

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| O | P | I | L | I | P | I | N | A | S | T |
| P | K | N | C | A | M | B | O | D | I | A |
| X | R | D | N | A | L | I | A | H | T | B |
| F | A | O | S | D | L | U | I | S | M | R |
| R | M | N | R | A | E | I | P | V | J | U |
| P | N | E | O | I | C | U | T | E | K | N |
| M | A | S | I | N | G | A | P | O | R | E |
| T | Y | I | A | S | I | A | E | U | O | I |
| A | M | A | N | T | E | I | V | J | A | F |
| P | I | E | A | I | S | Y | A | L | A | M |

## Association of Southeast Asian Nations

"Sa kasalukuyan, ang ASEAN ay di-lamang isang epektibo at napakahalagang kaganapan as rehiyon. Ito ay isang tunay na lakas na dapat kilalanin sa iba pang rehiyon. Ito rin ay isang pinagkakatiwalang katuwang ng Nagkakaisang mga Bansa sa larangan ng pagpapaunlad…"

Kofi Annan
Kalihim-Heneral ng Nagkakaisang mga Bansa
Ika-16 ng Pebrero, 2000

## Pagtatatag

Ang "Association of Southeast Asian Nations" o ASEAN ay itinatag noong ika-8 ng Agosto, 1967 ng mga bansang Indonesia, Malaysia, Pilipinas, Singapore at Thailand na pawang mga orihinal na miyembro nito. Noong Ika-8 ng Enero, 1984, sumapi ang Brunei Darussalam; noong ika-28 ng Hulyo, 1995, ang Vietnam; noong ika-23 ng Hulyo, 1997, ang Laos at Myanmar at noong ika-30 ng Abril, 1999, ang Cambodia.

Ang rehiyong sakop ng ASEAN ay may populasyong higit sa 500 milyon, kabuuang sukat na 4.5 milyong kilometro kuwadrado, gross domestic product na umaabot sa US 737 bilyong dolyar at kalakal na nagkakahalaga ng US 720 bilyong dolyar.

## Layunin

Ang mga mithiin at layunin ng Asosasyon, batay sa tiantawag na Deklarasyon ng ASEAN ay ang: (i) isulong ang kaunlarang pang-ekonomiya, sosyal at kultural sa rehiyon sa pamamagitan ng pagtutulungan upang makalikha ng isang maunlad at payapang pamayanan ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya, at (ii) itaguyod ang kapayapaan at mabuting pagsasamahan sa pagitan ng mga bansang kasapi sa pamamagitan ng patuloy na pagtataguyod sa katarungan at pagsunod sa batas at pagtangkilik sa mga panuntunan ng Nagkakaisang mga Bansa.

Noong 1995, muling pinagtibay ng mga pinuno ng  mga Estado at Pamahalaan ng mga bansang kasapi sa ASEAN na ang “patutulungan tungo sa kapayapaan at kaunlaran ang magiging pangunahing layunin ng ASEAN.”

Ang Kasunduan sa Mabuting Pagsasamahan at Pagtutulungan o Treaty of Amity and Cooperation (TAC) sa Timog-Silangang Asya na nilagdaan sa unang ASEAN Summit noong ika-24 ng Pebrero, 1976 ay naghahayag na sa ugnayan nila sa isa’t isa, ang mga bansang kabilang ay nararapat na sumunod/ pasailalim sa mga panuntunang ito:

- Paggalang ng bawat isa sa kalayaan, soberenya, pagkakapantay-pantay, teritoryong pag-aari at pambansang pagkakakilanlan ng lahat ng bansa.
- Karapatan ng bawat Estado na pangunahan/ pamahalaan ang kanyang sarili, Malaya mula sa anumang panghihimasok, pananakop at paninira ng ibang bansa.
- Pagresolba ng mga di-pagkakaunawaan sa pamamagitan ng mapayapang pamamaraan.
- Pagwawaksi sa bantang paggamit at tuwirang paggamit ng puwersa, at
- Epektibong Pagtutulungan ng isa’t isa

**Pagtutulungang Pulitikal**

Nasasaad sa TAC na ang nararapat na layunin ng mga usapan at pagtutulungang pulitikal at pangkaligtasan sa ASEAN ay ang itaguyod ang kapayapaan at katatagan sa rehiyon sa pamamagitan ng pagpapabuti ng pagsasamahan sa rehiyon. Ang mabuting pagsasamahan sa rehiyon ay makakamit sa pamamagitan ng pagtutulungan sa lahat ng larangan batay sa mga prinsipyo ng pagtitiwala at pag-asa sa sarili, paggalang sa pagitan ng bawat isa, kooperasyon at katapatan na siyang bubuo ng pundasyon para sa isang matatag at malayang pamayanan ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya.

Ilan sa mga pangunahing kasunduang pulitikal ng ASEAN ay ang mga ss:

- Deklarasyon ng ASEAN, Bangkok, Agosto 8, 1967;

- Deklarasyon ng Sona ng Kapayapaan, Kalayaan at Neutralidad, Kuala Lumpur, Nobyembre 27, 1971;
- Deklarasyon ng Kasunduan ng ASEAN, Bali, Pebrero 24, 1976;
- Kasunduan sa Mabuting Pagsasamahan at Pagtutulungan sa Timog-Silangang Asya, Bali, Pebrero 24, 1976;
- Deklarasyon ng ASEAN sa Timog Dagat Tsina, Maynila, Hulyo 22, 1992;
- Kasunduan sa Southeast Asia Nuclear Weapon- Free Zone, Bangkok, Disyembre 15, 1997; at
- ASEAN Vision 2020, Kuala Lumpur, Disyembre 15, 1997;
- Deklarasyon ng Kasunduan ng ASEAN II, Bali, Oktubre 7, 2003

Ang ASEAN Security Community ay may tungkuling iangat ang antas ng pagtutulungang pangkaligtasan at pulitikal ng ASEAN upang matiyak na ang mga bansa sa rehiyon ay makapamuhay ng payapa kasama, di-lamang ang bawat isa, kundi maging ang buong daigdig, sa isang makatarungan, demokratiko at nagkakasunding lipunan.

Noong 1992, ang mga pinuno ng Estado at Pamahalaan sa ASEAN ay nagbigay ng pahayag na nagsasabing kinakailangang paigtingin pa ng ASEAN ang usapang panlabas nito kaugnay sa pulitika at kaligtasan bilang paraan upang makalikha ng bigkis ng pagtutulungan sa mga estado sa rehiyong Asya-Pasipiko. Makalipas ang dalawang taon, naitatag ang ASEAN Regional Forum o ARF. Layunin ng ARF na itaguyod ang pagtitiwalaan, diplomasya at pagsasaayos ng di-pagkakaunawaan sa rehiyon. Ang mga bansang kasalukuyang kabilang sa ARF ay ang: Australya, Brunei Darussalam, Cambodia, Canada, Tsina, European Union, India, Indonesia, Hapon, Republiko ng Korea, Laos,Malaysia, Myanmar, Mongolia, New Zealand, Papua New Guinea, Pilipinas, Pederasyong Ruso, Singapore, Thailand, Estados Unidos at Vietnam.

Sa pamamagitan ng usapang pulitikal at paglikha ng pagtitiwalaan, walang anumang tensiyon ang nauwi sa armadong pakikibaka sa pagitan ng mga miyembro ng ASEAN mula ng maitatag ito, mahigit sa tatlong dekada na ang nakalilipas.

**Ekonomiko at Functional na Kooperasyon**

Nang malikha ang ASEAN, ang kalakalan sa pagitan ng mga miyembrong bansa ay wala gaanong kabuluhan. Ayon sa mga pagtantiya mula 1967 hanggang sa mga unang bahagi ng dekada 70, ang kalakalan sa pagitan ng mga bansang ASEAN ay mula 12-15% lamang ng kabuuang kalakalan ng mga bansang kasapi, kung kaya't ilan sa mga unang programa ng ASEAN sa pagtutulungang pang-ekonomiya ay upang tugunan ang bagay na ito. Isa nga sa mga ito ay ang Preferencial Trading Arrangement ng 1977, kung saan gumawa ng kasunduan ukol sa halaga ng taripang ipapataw sa mga kalakal na mula sa mga bansang ASEAN tungo sa isa pang bansang miyembro. Sampung taon ang nakalipas, isang pinagbuting PTA Programme ang binuo sa ginanap na ikatlong ASEAN Summit sa Maynila na lalong pinag-inam ang kalakalan sa pagitan ng mga bansang miyembro.

Ang Framework Agreement on Enhancing Economic Cooperation ay binuo sa ikaapat na ASEAN Summit sa Singapore noong 1992, kung saan kabilang ang pagbubukas ng isang programa tungo sa ASEAN Free Trade Area o AFTA. Ang istratehikong layunin ng AFTA ay ang mapataas ang "competitive advantage" ng rehiyong ASEAN bilang isang "single production unit". Ang pag-aalis ng taripa at iba pang balakid sa mga miyembrong bansa ay inaasahang magbubunsod ng higit na mainam, produktibo at kompetitibong ekonomiya. Ang ikalimang ASEAN Summit na ginanap sa Bangkok noong 1995 ay binuo ng Agenda for Greater Economic Integration, kung saan kabilang ang pagpapabili ng layunin ng AFTA mula sa orihinal na 15 taon hanggang sa 10 taon na lamang.

Noong 1997, binuo ang ASEAN Vision 2020 ng mga pinunong ASEAN na nananawagan para sa isang ASEAN Partnership in Dynamic Development. Layunin nitong makalikha ng isang matatag, maunlad at kompetitibong ekonomiya sa rehiyon ng ASEAN kung saan may malayang pagdaloy ng kalakal, serbisyo, pamumuhunan, kapital at makatwirang ekonomikong pag-unlad at mabawasan ang kahirapan t di-pagkakapantay-pantay sa aspetong sosyo-ekonomiko. Ang Hanoi Plan of Action na binuo noong 1998 ang una sa hanay ng mga planong gawain na magbubunsod sa katuparan ng mithiin ng ASEAN.

Bilang karagdagan sa liberalisasyon ng kalakalan at pamumuhunan, ang pagsasama-samang pang-ekonomiya sa rehiyon ay isinusulong sa pamamagitan ng pagpapaunlad sa Trans-ASEAN transportation network na binubuo ng mga pangunahing kalsada at riles ng tren, mahalagang daungan at daang pandagat, "inland waterway transport", at civil aviation link". Isinusulong ng ASEAN ang "interoperability" at "interconnectivity" ng mga gamit at serbisyo ng mg pambansang telekomunikasyon. Ang pagbubuo ng Trans-ASEAN energy network na binubuo naman ng ASEAN Power Grid at ng Trans-ASEAN Gas Pipeline Projects ay pinagbubuti rin.

Ang pagtutulungang ASEAN ay nagresulta sa mas malaking integrasyon sa rehiyon. Sa loob lamang ng tatlong taon buhat ng pasimulan ang AFTA, ang mga kalakal na iniluluwas ng mga bansang ASEAN ay umakyat mula US $ 43.26 bilyon noong 1993, hanggang sa halos US $ 80 bilyon noong 1996, noong 28.3% na taunang growth rate. Sa proseso, ang kalakalan sa pagitan ng mga bansang ASEAN ay umakyat mula 20% hanggang 25% ng kabuuang kalakalan/ pakikipagkalakalan ng ASEAN. Noong 1996, sa 28.6 milyong turistang dumarating sa ASEAN, 11.2 milyon o halos 40% nito ay mula rin sa ASEAN mismo.

Sa ngayon, ang pagtutulungang pang-ekonomiya ng ASEAN ay nasasakop ng mga sumusunod na sector: kalakalan, pamumuhunan, industriya, serbisyo, pananalapi, agrikultura, kagubatan, enerhiya, transportasyon at komunikasyon, "intellectual property", malaki at maliit na negosyo at turismo.

Dahil sa pagnanais na bumuo ng isang nagmamalasakitang pamayanan, napagpasiyahan ng mga pinunong ASEAN noong 1995 na iakyat sa mas mataas na antas ang "functional cooperation" upang maibahagi ang kasaganaan sa lahat ng miyembro. Ang Framework for Elevating Functional Cooperation to a Higher Level ay binuo noong 1996 na may temang: "Pagbabahagi ng Kasaganaan sa pamamagitan ng pagpapaunlad sa mga mamamayan", technological competitiveness" at "social cohesiveness". Ang Functional Cooperation ay ginagabayan ng mga sumusunod na plano:

- ASEAN Plan of Action on Social Development;
- ASEAN Plan of Action on Culture and Transformation;

- ASEAN Plan of Action on Science and Technology;
- ASEAN Strategic Plan of Action on the Environment;
- ASEAN Plan of Action on Drug Abuse Control; at
- ASEAN Plan of Action in Combating Transnational Crime

**Panlabas na Ugnayan**

Ang ASEAN Vision 2020 ay naghahayag ng isang ASEAN na gumaganap ng isang malaking papel sa pandaigdigang komunidad at nagsusulong sa interes ng ASEAN.

Ang ASEAN ay nakagawa na ng mg malalaking hakbang sa paglikha ng mga bigkis ng pagtutulungan sa pagitan ng mga estado sa Asya-Pasipiko at patuloy na binibigyan ng mataas na prayoridad ang mga ito. Ang pakikipagtulungan sa mga bansa sa Silangang Asya y napagbuti sa pamamagitan ng pagkakaroon ng taunang usapan ng mga pinuno ng ASEAN, Tsina, Hapon, at Republika ng Korea. Noong 1997, isang pinagsamang pahayag ng ASEAN at ng mga bansang ito ang nilagdaan na nagbibigay ng balangkas para sa pagtutulungan tungo sa ika-21 siglo. Noong Nobyembre 1999, ang mga pinuno ng ASEAN, Tsina, Hapon, at Republika ng Korea ay naglabas ng pinagsama-samang pahayag ukol sa kooperasyon sa Silangang Asya.

Ang ASEAN Summit ng 1992 ay nag-atas na ang “ASEAN, bilang bahagi ng isang mundong may lumalawig na pagtutulngan, ay nararapat na paigtingin ang pakikipagtulungan nito sa mga bansa kung saan ito nagkakaroon ng mga diyalogo. Ang pagpapanayaman sa pagitan ng ASEAN at ng mga bansa kung saan ito nakikipagdiyalogo ay nagaganap taun-taon sa pagitan ng mga Ministrong Panlabas. Ang mga bansang ito ay binubuo ng Australya, Canada, Tsina, European Union, India, Hapon, Republik of Korea, New Zealand, Pederasyong Ruso, Estados Unidos. Bukod sa mga bansang nabanggit, nakikipagdiyalogo rin ang ASEAN sa Development Programme ng Nagkakaisang mga Bansa at itinataguyod rin nito ang pakikipagtulungan sa Pakistan sa ilang mga sector nito.

Alinsunod sa pasiya nitong pagbutihin ng pakikipagtulungan sa mga rehiyong papaunlad pa lamang, pinananatili ng ASEAN ang relasyon nito sa ilang mga

organisasyon ng gobyerno ng ibang mga bansa tulad ng Economic Cooperation Organization, the Gulf Cooperation Council, Rio Group, South Asian Association for Regional Coopertion at South Pacific Forum.

Karamihan sa mga miyembro ng ASEAN ay aktibong nakikibahagi sa mga gawain ng Asia-Pacific Economic Cooperation (APEC), Asia-Europe Meeting (ASEM) at East Asia Latin America Forum (EALAF).

**Balangkas at Mekanismo**


Ang pinakamataas na bahagi ng ASEAN sa aspeto ng paggawa ng mga pasiya ay ang Pulong ng mga Pinuno ng Estado at Pamahalaan ng ASEAN. Ang pagpupulong ng mga Ministro sa ASEAN (Ministrong Panlabas) ay ginagawa taun-taon. Ang pagpupulong ng mga Ministro sa iba pang mga sector ay ginagawa rin; agrikultura at kagubatan, ekonomiya, kapaligiran, pananalapi, impormasyon, pamumuhunan, paggawa, batas, suliraning pangrehiyon, pagpapaunlad ng pook-rural at pagbabawas ng kahirapan, agham at teknolohiya, kagalingang panlipunan, krimen sa buong bansa, transportasyon, turismo, kabataan, AIA Council at AFT Council. Katuwang ng mga lupong ito ang 29 na komite ng matataas na mga opisyal at 122 technical working group.

Ang kalihim-heneral ng ASEAN ay hinirang batay sa kahusayan at kalagayang ministerial. Ang kalihim-heneral ng ASEAN, na may limang taong termino ay naaatasang pasimulan, ipaalam at ipatupad ang mga gawain ng ASEAN. Ang mga miyembro ng professional staff ng ASEAN Secretariat ay hinihirang mula sa malawakang pangangalap at kompetisyon.

Ang ASEAN ay maraming mga lupon at pagsasaayos na ang layunin ay itaguyod ang patutulungan sa pagitan ng mga pamahalaan sa iba't ibang larangan: ASEAN University Network, ASEAC-EC Management Centre, ASEAN Centre for Energy. ASEAN Agricultural Development Planning Centre, ASEAN Earthquake Information Centre, ASEAN Poultry Research and Training Center, ASEAN Regional Center for Biodiversity and Conservation, ASEAN Rural Youth Development Center, ASEAN

Specialized Meteorological Center, ASEAN Tourism Information Centre, at ASEAN Timber Technology Center.

Bilang karagdagan, itinataguyod ng ASEAN ang pakikipagtulungan sa mga samahang may kaugnay na layunin: ASEAN-Chambers of Commerce and Industry, ASEAN Business Forum, ASEAN Tourism Association, ASEAN Council on Petroleum, ASEAN Ports Association, ASEAN Vegetable Oils Club at ASEAN-Institutes for Strategic and International Studies. Bukod sa mga ito, may 53 mga samahang wala sa ilalim o pamamalakad ng pamahalaan o Non-Governmental Organizations (NGOs) ang may pormal na kaugnayan sa ASEAN.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Basahin ang pahayag at sagutin ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang nais ipahiwatig ng pahayag ni Kofi Annan?
2. Bakit nagpapatuloy pa rin ang mga suliraning pangkapayapaan sa rehiyon sa kabila ng pagkakaroon ng mga samahang panrehiyon gaya ng ASEAN?

"Sa kasalukuyan, ang ASEAN ay di-lamang isang epektibo at napakahalagang kaganapan sa rehiyon. Ito ay tunay na lakas na dapat kilalanin sa iba pang rehiyon. Ito rin ay isang pinagkakatiwalaang katuwang ng nagkakaisang mga bansa sa larangan ng pagpapaunlad…"

Kofi Annan
Kalihim-Heneral ng Nagkakaisang mga Bansa
Ika-16 ng Pebrero, 2000



**Tandaan Mo!**

- Ang ASEAN ay isang alyansang panrehiyon ng mga bansang kabilng sa Timog-Silangang Asya.
- Layunin nito na mapatatag ang ekonomiya at pakikipag-ugnayan ng mg bansa sa rehiyon.
- Itinatag ang samahang ito noong 1967 ng mga bansang Malaysia, Thailand, Indonesia, Singapore at Pilipinas. Sumunod naming naging kasapi ang Brunei (1984)m Vietnam (1995), Laos at Myanmar (1997), at Cambodia (1999).
- Ang regular na pagpupulong ng mga puno ng estado o mga ministro ng mga bansang kasapi sa ASEAN ay makatutulong upang malaman ang mga suliranin na dapat agarang tugunan.
- Sa kasalukuyan ay lalo pang tumitibay asng samahan ng mga bansang miyembro ng ASEAN. Nakikipag-ugnay rin ang samahan sa iba pang mga samahan ng mga bansa sa daigdig tulad ng European Community.



**Gawain 3: Paglalapat**


Nabatid ninyo na ba ang tungkol sa tinatawag nating European Community (EC)? Kinaiinggitan ng maraming bansa sa daigdig ang pagkakaisa ng mga bansang Europeo sa kanilang pagtatayo ng European Community. Bagama't binubuo rin ng iba't ibang bansa ang Europa, nagkaisa ang mga lider nito na pag-ugnayin ng kani-kanilang mga ekonomiya upang higit silang umunlad. Sa kasalukuyan ay lalo pang lumalakas ang EC lalo pa't may iisa na lamang silang salapi: ang Euro.

1. Sa iyong palagay, may posibilidad kayang magkaroon ng isang UNITED ASIA? Bigyang katuwiran ang iyong sagot.

**ARALIN 2**
**ASIA-PACIFIC ECONOMIC COOPERATION (APEC)**



Ang araling ito ay tatalakayin ang Asia-Pacific Economic Cooperation, samahan ng mga bansang Asyano na humahangga sa dagat Pasipiko na naglalayong iangat ang ekonomiya at malayang kalakalan sa buong rehiyon, gayun din sa malayang pandaigdig na kalakalan (Free Trade).



Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matatalakay ang kaligirang historikal ng Asia-Pacific Economic Cooperation (APEC);
2. Masusuri ang mga naibunga ng APEC at ang mga kapakinabangan mula rito; at
3. Matutukoy ang mga prayoridad ng APEC sa taong 2005.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Panuto: Pagtapatin ang mga taon at mga pangyayari upang makabuo ng isang timetable tungkol sa mahahalagang pangyayari sa pagkakatatag ng APEC.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| 1. Pagbuo ng Manila Action Plan (MAPA) para sa APEC na ginanap sa Pilipinas | A. 1989<br>B. 1993 |
| 2. Pagsang-ayon sa panukalang Early Voluntary Sectoral Liberalization (EVSL) na ginanap sa Vancouver, Canada | C. 1994<br>D. 1995<br>E. 1996 |
| 3. Sa Auckland, New Zealand pinagtibay ang paggamit ng APEC Business Travel Card | F. 1997<br>G. 1998 |
| 4. Pagbalangkas ng mithiin ng APEC na ginanap sa Blake Island, Estados Unidos | H. 1999<br>I. 2000 |
| 5. Pagbuo ng Osaka Action Agenda (OAA) na ginanap sa Osaka, Hapon | J. 2001<br>K. 2002 |
| 6. Nagsimula bilang isang impormal na grupo sa Canberra, Australya | L. 2003<br>M. 2004 |
| 7. Paglalagay ng EVSL sa unang siyam na sector na ginanap sa Kuala Lumpur, Malaysia | |
| 8. Pagbuo ng layuning Bogor o pamumuhunan ng bansa sa Asya Pasipiko na ginanap sa Indonesia | |
| 9. Pagbuo ng “Digital Economy” at patakaran sa “Transparency” na ginanap sa Los Cabos, Mexico | |
| 10. Pagbuo ng “Electronic Action Plan (e-IAP) at Action Plan for New Economy na ginanap sa Brunei Darusalam | |
| 11. Muling pagbukas ng negosasyon sa WTO Doha Development Agenda at pagpapalawak | |

pa ng layunin ng APEC

12. Sa "Shanghai Accord" unang ipinalabas ang kampanya ng APEC laban sa terorismo sa Tsina.

**Kaligiran Historikal**

Mga Mahahalagang Pangyayari sa APEC

- 1989- Canberra, Australya
  Ang APEC ay nagsimula bilang isang impormal na grupo sa antas-Ministeryal na may 12 miyembro.
- 1993- Blake Island, Estados Unidos
  Nagkaroon ng unang pagpupulong ang mga Pinunong Pang-ekonomiya ng APEC at dito binalangkas ng mithiin ng APEC na "katatagan, kaligtasan at kaunlaran para sa ating mga mamamayan".
- 1994- Bogor, Indonesia
  Ang layuning magkaroon ng isang Malaya at bukas na kalakalan t pamumuhunan sa Asya-Pasipiko, sa mga bansang mauunlad pagdating ng 2010 at sa mga papaunlad pa lamang pagdating ng 2020, o ang layuning Bogor ay binuo ng APEC.
- 1995-Osaka, Hapon
  Binuo ng APEC ang Osaka Action Agenda (OAA) na nagsasaad ng liberalisasyon at pagpapadali ng pakikipagkalakalan at pamumuhunan upang maabot ang Layuning Bogor ay binuo, gayundin ang unang "Collective and Individual Action Plans" na nagsasaad kung paanong makakamit ng mg ekonomiya ang layuning magkaroon ng isang malayang kalakalan
- 1997- Vancouver, Canada
  Sinang-ayunan ng APEC ang panukalang Early Voluntary Sectoral Liberalization (EVSL) sa 15 sektor at napagpasiyahan nito ang mga Individual Action Plan ay dapat baguhin taun-taon.
- 1998- Kuala Lumpur, Malaysia

Sumang-ayon ang APEC sa paglalagay ng EVSL sa unang siyam na sector at hinangad nito na magkaroon ng kasunduan ukol sa EVSL sa mga bansang di-kabilang sa APEC sa World Trade Organization.

- 1999- Auckland, New Zealand

  Pinupuntirya ng APEC ang pagkakaroon ng kalakalang di-nangangailangan pa ng papeles sa mga mauunlad na bansa pagdating ng 2005 at sa mga papaunlad pa lamang pagdating ng 2010. Sinang-ayunan ang paggamit ng APEC Business Travel Card gayundin ang Mutual Recognition Arrangement sa mga kasangkapang de-kuryente at ang planong pagpapapasok sa mga kababaihan sa APEC.

- 2000- Bandar Seri Begawan, Brunei Darussalam

  Nagtatag ang APEC ng isang sistemang "electronic Individual Action Plan (e-IAP) na naglalagay sa mga IAP sa internet, at pinuntirya ang pagtriple ng Internet access sa kabuuan ng rehiyon ng APEC pagdating ng 2005- isang layuning nakasaad sa tinatawag na Action Plan for the New Economy.

- 2001- Shanghai, People's Republic of China

  Ang "Shanghai Accord" na nakasentro sa pagpapalawak ng mithiin ng APEC, pagbibigay liwanag sa daan tungo sa katuparan ng Layuning Bogor at mapagtibay ang implementasyon nito, ay binuo. Ang e- APEC Strategy ay binuo kung saan ang layunin ay mapagtibay ang balangkas ng pamilihan at ang mga institusyon, mapadali ang pamumuhunan sa imprastruktura at mapalaganap ang teknolohiya upang ang mga transaksyon ay maisagawa kahit sa internet na lamang at itaguyod ang pagnenegosyo at kakayahang pantao. Ang unang pahayag ng APEC laban sa terorismo ay inilabas.

- 2002- Los Cabos, Mexico

  Bumuo ang APEC ng Plano para sa Pagpapadali ng Kalakalan, mga Patakaran ukol sa Pakikipagkalakalan at "Digital Economy" at Pamantayan ukol sa "Transparency". Inilabas ng APEC ang ikalawang pahayag nito laban sa terorismo, kasabay ng pagbubuo ng Secure Trade in the APEC Region (STAR) Initiative.

- 2003- Bangkok, Thailand

  Sumang-ayon ang APEC sa muling pagbubukas ng negosasyon ukol sa WTO Doha Development Agenda at kinilala nito na ang Kasunduan ukol sa Malayang Kalakalan, Kasunduan ukol sa Kalakalang Panrehiyon, ang Layuning Bogor at iba pang sistemang pangkalakalan ay magkakaroon ng kaganapan sa ilalim ng WTO. Ang kampanya laban sa terorismo ay kinilala rin bilang isang karagdagang misyon sa Layuning Bogor ng APEC. Napagkasunduang ang APEC Action Plan sa SARS at ang Health Security Initiative ay pag-ibayuhin upang mabigyang proteksiyon ang mga mamamayan. Sinag-ayunan rin ang mga hakbanging upang makalikha ng mga knowledge-based economy at pagpapabuti ng sistema sa pananalapi, maging ang pagsusulong sa pagkakaroon ng reporma sa balangkas ng rehiyon.
- 2004- Santiago, Chile
- Seoul, Republika ng Korea

**Mga Naibunga ng APEC at ang mga Kapakinabangan Mula Rito**

**Paglago ng Ekonomiya**

Mula ng maitatag ito noong 1989, ang mga bansang kabilang sa APEC ang ilan sa mga nanguna sa buong daigdig pagdating sa pag-unlad ng ekonomiya. Sa unang sampung taon nito, ang ekonomiya ng mga bansang kasapi nito ay umakyat ng may 70%, higit sa nagawa ng alinmang bansa sa daigdig, sa kabila ng krisis sa pananalapi na naranasan sa Asya.

Ang mga bansang miyembro ng APEC ay nagtutulungan upang mapanatili ang pagsulong ng kani-kanilang ekonomiya sa pamamagitan ng pagbubukas ng kalakalan, pamumuhunan at repormang pang-ekonomiya. Dahil sa patuloy na pagbabawas ng taripa at iba pang hadlang sa kalakalan, ang ekonomiya ng mga bansang ito ay umunlad, at ang pagluluwas ng mga kalakal ay nagkaroon ng dramatikong pagbabago.

Ilan sa mga nagawa ng APEC sa unang sampung taon nito:

- Paglaki ng bilang ng mga kalakal na iniluluwas ng may 113% hanggang sa US $25 trilyon
- Ang tuwirang dayuhang pamumuhunan ay lumaki ng 210%, at 475% sa mga miyembrong bansang may mahirap na ekonomiya
- Ang Gross National Product ay lumaki ng may isang-katlo, at 74% sa mga miyembrong bansang may mahirap na ekonomiya
- Ang Gross Domestic Product kada tao ay umakyat ng may 61% sa mga miyembrong bansang may mahirap na ekonomiya

**Kapakinabangan sa mga Taong Naninirahan sa Rehiyon ng APEC**

Ang mga mamimili sa Asya-Pasipiko ay nagkaroon ng tuwiran at di-tuwirang pakinabang sa mga hakbanging ginagawa ng mga bansang kasapi ng APEC. Ilan sa mga tuwirang pakinabang ay ang paglaki ng bilang ng mga trabahong maaaring pasukan, higit na maraming programang para sa pagsasanay, mas mainam na "social safety net" at pagkabawas ng kahirapan. Ang halaga ng bilihin sa mga bansang miyembro ng APEC ay higit na mababa dahil nabawasan ang mga hadlang sa kalakalan, at ang mga rehiyong may kakayahang magsagawa ng kompetisyong pang-ekonomiya ay nagbabang presyo sa kanilang mga produkto at serbisyong kinakailangan sa pang-araw-araw na pamumuhay, mula sa pagkain, kasuotan hangggang sa mga mobile phone.

Higit sa anupaman, ang paglago ng ekonomiya ay nagbubunsod ng pagbabagong panlipunan. Sa loob lamang ng sampung taon mula sa pagkakatatag ng APEC, nakita natin na:

- Ang Human Development Index ng United Nations Development Programme (UNDP) para sa mga bansang miyembro ng APEC na may mababang kita ay bumuti ng halos 18%
- Ang kahirapan sa mga bansa as Silangang Asya na miyembro ng APEC ay bumaba ng halos ikatlong bahagi (165 milyong katao), dahil na rin sa paglago ng ekonomiya

- 195 milyong trabaho ang nalikha sa mga bansang miyembro ng APEC, at 174 milyon dito ay sa mga miyembrong bansang may mababang kita.
- Sa bansang mababa ang kita, nabawasan ang bilang ng mga namamatay na sanggol samantalang tumaas naman ang "life expectancy", patunay ng pagbabago sa kalinisan, pagkakaroon ng maayos na mapagkukunan ng malinis na tubig at paglaki ng pondong inilaan sa pangangalaga ng kalusugan.
- Lumalaking bilang ng mga pumapasok sa paaralan at paglaki ng pondo para sa edukasyon

**Saklaw ng Gawain**

Ang Asia-Pacific Economic Cooperation (APEC) ay gumagawa sa tatlong malalawak na upang makamit ang Layuning Bogor na isang malaya at bukas na kalakalan at pamumuhunan sa Asya-Pasipiko-sa mga mauunlad na bansa pagdating ng 2010 at sa mga papaunlad pa lamang pagdating ng 2020.
Kilala bilang "Tatlong Haligi" ng APEC. Nakatuon ang APEC sa tatlong pangunahing aspetong ito:

- Liberalisasyon ng Kalakalan at Pamumuhunan
- Pagpapadali ng Pagnenegosyo
- Pagtutulungang Teknikal at Pang-ekonomiya

Ang resulta ng tatlong aspetong ito ay tumutulong sa mga bansang kabahagi ng APEC na mapagtibay ang kanilang mga ekonomiya. Ang pagkakaroon ng mas maraming pagsasanay at hanapbuhay na mapapasukan, mas murang mga produkto at serbisyo at mas maraming mapagpipilian sa mga pamilihan at pagbuti ng daan tungo sa pandaigdigang merkado ang ilan sa mga pakinabang na makakamit ng mga mamamayan ng mga bansang kabilang sa APEC.

**Liberalisasyon ng Kalakalan at Pamumuhunan**

Ang liberalisasyon ng kalakalan at pamumuhunan ay nagbabawas at tuluyang nag-aalis ng mga balakid sa kalakalan at pamumuhunan. Di-tulad sa proteksiyonismo na mahal dahil itinataas nito ang halaga ng mga produkto at serbisyo, sa liberalisasyon

ng kalakalan at pamumuhunan ay nakasentro sa pagbubukas ng mga pamilihan upang mapalago ang kalakalan at pamumuhunan na nagreresulta naman ng paglago ng ekonomiya ng mga bansang kasapi sa APEC at pagbuti ng pamumuhay ng mga mamamayan ng mga ito.

**Pagpapadali ng Pagnenegosyo**

Ang Pagpapadali ng Pagnenegosyo ay nakatuon sa pagpapababa ng halaga ng mga transaksiyon sa negosyo, pagpapabuti sa pangangalap ng impormasyon ukol sa kalakalan at pagsasaayos ng mga panuntunan at istratehiya upang mapadali ang paglago, at bukas at malayang kalakalan. Ang pagpapadali ng pagnenegosyo ay nakatutulong sa pagkakaroon ng maayos na transaksiyon sa mga nag-aangkat at nagluluwas ng mga produkto sa Asya-Pasipiko. Sa pamamagitan nito, bumababa ang halaga ng produksiyon na nagreresulta sa mas malawak na kalakalan, mas mababang halaga ng produkto at serbisyo at mas maraming trabahong mapapasukan dahil sa paglago ng ekonomiya.


**Pagtutulungang Teknikal at Pang-ekonomiya (ECOTECH)**

Ang ECOTECH ay nakatalaga sa pabibigay ng pagsasanay at pagtutulungan sa mga miyembrong bansa ng APEC upang manguna ang mga ito sa pandaigdigang kalakalan. Nagbibigay-tulong ito sa ekonomiya at mga manggagawa ng bansa na maging maunlad t produktibo.

**Mga Prayoridad ng APEC sa taong 2005**

a. Pagsulong ng Malayang Kalakalan- ang pangunahing prayoridad ng APEC para sa taong 2005 ay ang pagsusulong ng malayang kalakalan.
b. Paglaban sa Korupsiyon- ngayong taong ito, higit na pag-ibayuhin ng APEC ang laban nito kontra korupsiyon.

c. Pagbabahagi ng Kasaganaan/ Kaunlarang bunga ng “Knowledge-Based Economy”: Pagbibigay Proteksiyon sa mga Inobasyon at Pagpapalawig ng “Digital Opportunity”- sakop nito ang iba’t ibang paksang may kaugnayan sa “knowledge-based economy” (KBE) at pagpapabuti ng mga mithiin ng APEC sa aspeto ng inobasyon, agham at teknolohiya.
d. Kaligtasan ng Tao: Laban Kontra Terorismo, katiyakan sa enerhiy, kalusugan at kahandaan at Pagtungon sa Sakuna- Ang kaligtasang pantao ay mananatili bilang isa sa mga pangunahing prayoridad ng APEC ngayong taong 2005.
e. SME at Micro-enterprise, at Gender Integration- ang APEC 2005 ay magpapatuloy sa paggawa sa mga bagay na ito upang matiyak na ang mga kapakinabangan sa APEC ay mararanasan ng mas marami pang indibidwal, at mabigyang hanap-buhay ang malaking bilang ng mga taong walang hanap-buhay.
f. Reporma sa APEC- sisilipin ng APEC ang ilang mga mahahalagang usapin ukol sa koordinasyon at sa samahang institusyonal, gayundin ang kakayahang pinansiyal at mga layunin at balangkas nito.
g. Pagtataguyod ng Komunikasyon sa iba’t ibang Kultura- ang mg pagpupunyagi ng APEC na makabuo ng isang ekonomikong komunidad ay magiging matagumpay kung ito ay isasalig sa pagkakaunawaan at pamayanang kultural.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Panuto: Paghambingin ang ASEAN at APEC sa pamamagitan ng pagpuno ng grap na nasa ibaba.

| Katangian | APEC | ASEAN |
|---|---|---|
| Miyembro/Kasapi | | |

| | | |
|---|---|---|
| Layunin | | |
| Mga Nagawa | | |



**Tandaan Mo!**

- Ang APEC ay isang samahang binubuo ng 20 bansa at isang administratibong rehiyon (Hong Kong).
- Layunin nito na mapaunlad at mapag-ugnay ang mga ekonomiya ng mga kasaping bansa. Kabilang dito ng iba't ibang bansa mula as Asya Pasipiko.
- Ang mga bansang Asyano na kabilang sa APEC ay ang Brunei, Tsina, Indonesia, Hapon, Malaysia, Pilipinas, Singapore, Timog Korea, Taiwan, Thailand, Rusya at Vietnam.
- Sa mga bansang nasa Pasipiko kabilang naman sa APEC ang Australia, Canada, Chile, Mexico, New Zealand, Papua New Guinea, Estados Unidos at Peru.
- Ang mga regular na pagpupulong ng APEC ay dinadaluhan ng mga pinakamataas na pinuno ng bawat bansang kasapi. Tinatalakay sa mga pulong ito ang pagpapalakas sa mga sistemang pinansiyal, kalakalan, pamumuhunan at teknolohiya sa rehiyon.



**Gawain 3: Paglalapat**

Mangatwiran:

1. Sa iyong palagay, alin sa ASEAN at APEC ang may higit na posisyong makapagpapaunlad ng ekonomiya ng mga bansa sa Timog-Silangang Asya?
2. Alin sa dalawang organisasyon ang inaakala mong higit na makatutulong sa pagpapaunlad ng **ating** ekonomiya? Bakit?

**ARALIN 3**
**ASIA-EUROPE MEETING (ASEM), FORUM FOR EAST ASIA-LATIN AMERICA COOPERATION (FEALAC) AT ASIA-AFRICA SUMMIT**



ASIA-AFRICA SUMMIT

Sa araling ito matatalakay na ang katatagan ng kontinenteng Asya ay nakasalalay sa kanyang interaksyon o pakikipag-ugnayan sa kanyang kapwa. Sa kasalukuyan, naganap ang interaksyon hindi lamang sa rehiyong Asya kundi maging sa iba't ibang panig ng mundo. Matutukoy ng araling ito ang kanyang pakikipag-ugnayan sa Europa sa samahang ASEM, sa Latin Amerika sa samahang FEALAC at sa Africa ang samahang Asia-Africa Summit.

Matapos ang Araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matalakay ang pagkakatatag ng mga sumusunod na samahan:
   - Asia-Europe Meeting (ASEM)
   - Forum for East Asia-Latin America Cooperation (FEALAC); at
   - Asia-Africa Summit
2. Matutukoy ang mga layunin at bansang kasapi ng mga nabanggit na samahan;
3. Masusuri ang mga mahahalagang nagawa ng mga nabanggit na samahan; at
   Maipaliliwanag ang pagpapasya ng mga samahang ASEM, FEALAC AT Asia-Africa Summit na hubugin ang kanilang hinaharap na mapanatili at makapagbigay-lakas sa pagkakasatuparan ng kanilang mga proyekto.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Panuto: Isulat ang buong pangalan ng tinutukoy ng pangungusap. May ilang titik na naisulat sa ibaba na makakatulong upang madaling masagutan ang mga ito.

| | |
|---|---|
| Hilaw na materyales | Teknolohiya |
| Industriyalisasyon | Per Capita GNP |
| Globalisasyon | Produktibidad |
| Liberalismo | Sistemang kabuhayan |
| Malayang kalakalan | Newly Industrialized Country |

1. Ideyang progresibo na niyakap ng mga sa Asya. Ang batayan nito ang ideyang demokrasya sa bansa sa Europa at Hilagang Amerika.

   **_ i _ _ _a_ _ _ _ _**

2. Patakaran kung saan kahit sinong pribadong tao na may puhunan ay malayang makapagnenegosyo at ang bansa ay bukas sa kahit na anong korporasyon na magtatag ng kalakalan o negosyo rito.

   **_ a _ _ _a_ _     _ _ l _ k _ _ _ _**

3. Mga kagamitan, makina, materyal, teknik, at proseso na ginagamit sa produksyon ng mga bagay at serbisyo at tumutugon sa mga pangangailangan ng tao, paggamit ng teknolohiya.

   **_ e _ _ _ l _ _ _ _ _**

4. Kabuuang halaga ng produkto at serbisyo na ginagawa ng bawat tao sa isang bansa sa loob ng isang taon.

   **_ e _     _ _ p _ _ _     _ _ P**

5. Kakayahang magprodyus; pagiging produktibo

   **_ r _ _ _k_ _ _ _ d _ _**

6. Ang sistemang pinaniniwalaan ng isang bansa upang mapaunlad ang kanilang kabuhayan. Maaaring maniwala sila sa sistemang kapitalismo, sosyalismo, o komunismo

   **_ i _ _ _m_ _ _     _ _ b _ h_ _ _ _**

7. Isang bansang bago pa lamang umuunlad

   **_ e _ _ _     i_ _ _ _ t _ _ _ _ i _ _ d     _ o _ _ _ r _**

8. Pagpapalaki ng bahagi ng sector ng pangmamanupaktura sa ekonomiya ng isang bansa

**i_ _ _ _ t _ _ _ _ l _ _ a _ _ _ _**

9. Mga materyales na inaangkat ng mga Kanluraning bansa sa Asya na ipoproseso muna bago maging ganap na produkto.

**_ i _ _ _   _ a   _ _ t _ _ _ a _ _ s**

10. Ito ay isang makabagong ng pandaigdigang pamayanan bilang isang nasyon na binubuo ng isang mataas na lebel ng komunikasyong elektronik.

**_ _ o _ a _ _ _ _ s _ _ n**

**ASEM**

Sa pangunguna ng Singapore, pormal na pinasiyaan ng Asia-Europe Meeting (ASEM) sa unang Asia-Europe Summit na ginanap sa Bangkok noong Marso, 1996.

Ang ASEM ay itinatag ng 26 na bansang kasapi nito- 10 ay mula sa Asya (pito ay mula sa ASEAN- Brunei, Indonesia, Malaysia, Pilipinas, Singapore, Thailand, at Vietnam- at 3 sa Hilagang-Silangang Asya- Tsina, Timog Korea at Hapon) samantalang ang 15 ay pawing miyembro ng EU (Austria, Belgium, Denmark, Finland, Pransiya, Alemanya, Gresya, Ireland, Italya, Luxembourg, ang Netherlands, Portugal, Espanya, Sweden at UK).

Nasa 2.3 bilyong katao, o 37% ng kabuuang populasyon ng mundo, ang bilang ng mga mamamayang naninirahan sa mga bansang kasapi sa ASEM. Ang kabuuang GDP ng mgat ito noong 2002 ay US $ 14,849 bilyon o 46% ng kabuuang GDP ng mundo, samantalang ang pinagsama-samang halaga ng kalakal ng mga ito ay US $ 2,718 bilyon o 43% ng kabuuang kalakal ng mundo.

Ang Summit ng mga Pinuno ng Estado/ Gobyerno na gumagawa ng mga mahahalagang pagpapasiya para sa ASEM ay ginaganap ng salitan sa Asya at Europa, tuwing ikalawang taon. Ang pagpupulong naman ng mga ministro sa Ugnayang Panlabas, Ekonomiya at Pananalapi ay ginaganap taun-taon. Ang mga pagpupulong ng mga ministro sa iba pang larangan ay ginagawa lamang kung kinakailangan (nagkaroon

na ng mga pagpupulong sa pagitan ng mga ministro ng Agham at Teknolohiya, Kapaligiran, mga Usapin ukol sa Pandarayuhan, Kultura at Kabihasnan at Agrikultura). Nagkaroon na ng apat na summit:

- ASEM 1 sa Bangkok, Thailand noong 1996;
- ASEM 2 sa London, UK noong 1998;
- ASEM 3 sa Seoul, Timog Korea noong 2000;
- ASEM 4 sa Copenhagen, Denmark noong 2002.

Ang susunod na ASEM ay gaganapin sa Hanoi, Vietnam mula ika-8 hanggang ika-9 ng Oktubre, 2004

Ang mga Ministro ng Ugnayang Panlabas at kanilang mga kinatawan ang gumaganap bilang mga pangkalahatang “coordinator” ng proseso. Ang mga Ministrong Pang-ekonomiya, kasama ang mga matataas na opisyal ang mga nagsisilbing tagapagpaalam ng pagtutulungan sa kani-kanilang mga nasasakupan.

Ang ASEM ay walang kalihim kung kaya’t ang gawaing pakikipag-alam y ibinibigay o ginaganap sa Pagpupulong ng mga Tagapagpaalam na binubuo ng 2 kinatawan mula sa Asya (isa mula sa ASEAN-sa kasalukuyan ay ang Vietnam mula Oktubre 2000 hanggang Oktubre 2004- at isa mula sa Hilagang-Silangang Asya- ang bansang Hapon) at 2 naman mula sa Europa (European Commission- ang permanenteng tagapagpaalam at siyang kasalukuyang humahawak sa posisyon sa pagkapangulo ng EU)

Ang ASEM ay isang impormal na diyalogo at gumagawa batay sa napagpasiyahan. Sa tinatawag na “Asia-Europe 2000 Cooperation Framework” (inaprubahan sa ginanap na ASEM 2 Summit noong Abril 1998 at ASEM 3 Summit noong Oktubre 2000), napagpasiyahan ng mga pinunong ASEM na magpunyagi para sa isang “bagong komprehensibong samahan para sa higit na paglago” sa ilalim ng mga sumusunod na alituntunin:

- Pagkakapantay-pantay at pagbibigay-galang at kapakinabangan sa isa’t isa;
- Ang ASEM ay isang bukas, nagbabago at impormal na proseso kung kaya’t di kinakailangang ito’y gawing isang institusyon;

- Pagpapabuti ng komunikasyon ng isa’t isa sa pamamagitan ng pakikipagtalastasan at pagtutulungan sa pag-alam ng mga bagay na dapat bigyang prayoridad;
- Pagsusulong ng pakikipagtalastasang pulitikal, pagpapatibay ng pagtutulungang pang-ekonomiya at pagtataguyod, pagtutulungan sa iba pang aspeto;
- Ang pagpapalawak ay maisasakatuparan lamang kung ito ay sinang-ayunan ng mga Pinuno ng Estado at Gobyerno.

**Asia-Africa Summit**

Ang 109 na bansa ng kontinenteng Asya at Aprika ay binubuo ng 4.6 bilyong katao, o 70% ng kabuuang populasyon ng mundo, at kalupaang kalahati ng kabuuang kalupaan ng daigdig. Sa kasalukuyan, ang dalawang kontinente ay may gross domestic product (GDP) na nasa 9.3 trilyong dolyar.

Noong 1955, 29 na mga pinuno ng estado at pamahalaan mula sa Asya at Aprika ang nagkatipun-tipon sa Bandung, Indonesia para sa kauna-unahang Asia-Africa Conference kung saan buong pagmamalaking inihayag ng mga bansa ang kanilang pagkakaisa na nakikita nila bilang panimbang sa mundong nahahati ng digmaan ng ideolohiya, malaya mula sa imperyalismo at sa kapangyarihan ng Kanluran.

Ang unang pagpupulong na ginawa ay ukol sa pagpapahayag ng prinsipyo – na ang mga rehiyong nasa ilalim ng mga imperyalista o mananakop ay maaaring kumawala mula sa mga ito at ilagay ang kanilang mga sarili sa pandaigdigang entablado. Sa gitna ng tunggalian sa ideolohiya sa pagitan ng kapitalismo at komunismo, ang unang pulong ng mga bansang Asyano at Aprikano ay nagsilbing gabay sa bagong pilosopiya ng karapatang-pantao sa mga bansang kolonisado. Sa unang anim na bansang Aprikanong lumahok sa pagpupulong, ang Sudan na kabilang rito ay di-pa ganap na malaya, samantalang ang Timog Aprika ay kinatawan ng African National Congress (ANC) sa dahilang hindi ito maaaring lumahok bilang isang malayang estado dahil sa Apartheid.

Inilarawan ni Oliver Tambo, pangulo ng ANC noong mga panahong iyon, na ang pagpupulong bilang, “isang hakbang tungo sa katuparan ng mga mithin ng nakararami, partikular ang mga naaaping mga mamamayan ng Asya at Aprika”. Idinagdag pa nito na ang mga delegado sa pagpupulong, sa mahabang panahon, ay “ napailalim sa pagpapahirap at pananakop ng mga bansang Kanluranin”, subalit ngayon ay pawang malalaya na at ninanais na ang kalayaang ito ay di lamang mapanatili, kundi maaranasan rin ng iba pang mga bansang nanatiling nasa ilalim ng mga dayuhang mananakop.

Makalipas ang limampung taon, humigit kumulang sa 40 mga pinuno ng mga bansa, sa pangunguna ng Timog Aprika at Indonesia, ang muling nagkatipun-tipon para sa ikalawang Asia-Africa Summit sa lugar na sinilangan nito sa Indonesia, kung saan ang tema ay “Muling Pagbuhay sa Diwa ng Bandung, Pagtutulungan tungo sa Balikatang Asya-Aprika”.

Ilan sa mga naunang napagpasiyahang gawain ay ang pagkakaroon ng forum ukol sa pagsusulong ng paggamit ng enerhiyang renewable; isang workshop sa pagpapatatag ng kooperasyong Asyano-Aprikano na naglalayong isulong ang katayuan at papel ng mga kababaihan at kabataan; at isang pulong pangnegosyo na naglalayon namang itaguyod ang sektor ng kalakalan at pamumuhunan.

Sa Pulong Ministeryal, sinabing marami ng pagbabago ang nangyari mula noong taong 1955 – halos lahat ng mga bansa sa dalawang kontinente ay pawang malalaya na mula sa kolonyalismo, at marami ng mga hakbang na nagtataguyod sa karapatang-pantao at demokrasya ang nagawa – ang lahat ng ito, dahil umano sa mga indibidwal na gumawa ng daan tungo sa pagkakaroon ng kumperensiya sa pagitan ng dalawang kontinente. Binanggit rito ang kahalagahan ng paglalapit ng dalawang kontinante sa isa’t isa sa pamamagitan ng paggamit ng kanilang mga pagkakatulad at kalakasan upang itaguyod ang kaunlaran.

Inihayag rin sa pagpupulong ang New Asia-Africa Strategic Partnership (NAASP) na naglalayong mapabuti ang kalagayan ng mga Asyano at Aprikano kalakip ang mga alituntuning kumikilala sa pagkakapantay-pantay ng mga bansa, at nagtataguyod ng paggalang sa kalayaan at karapatang magpasiya para sa sarili. Ang NAASP ay nakatuon sa tatlong aspeto ng kooperasyon: pulitikal, pang-ekonomiya at sosyo-

kultural. Upang higit na maunawaan ang mga oportunidad na maaaring idulot ng balikatang ito, ilang mga pag-aaral ang ginawa ukol sa mga sumusunod:

- Pagtutulungang Asyano-Aprikano sa kalakalan at pamumuhunan
- Ugnayan sa kalakalan at pamumuhunan ng Asya at Aprika
- Pag-unlad ng Asya upang mabigyang impormasyon ang Aprika kung paanong umunlad ang kontinente

Bukod sa mga nabanggit, ilang mga pag-aaral pa ang ginawa na may kaugnayan sa:

- Pagpapabuti sa kalidad ng mga produkto
- Pagtiyak na ang mga prodyuser ang may higit na impluwensiya sa pagbibigay ng presyo sa mga produkto
- Pagpapadali sa tuwirang kalakalan sa pagitan ng Asya at Aprika
- Pagpapaunlad ng turismo sa pagitan ng Asya at Aprika

Ang Asia-Africa Summit ay kinukondena ng ilan sa pagsasabing ito ay pulos pakikipagkamay lamang at pangako, at bigo sa pagtugon sa ilang mga mahahalagang usapin gaya ng paglaganap ng sakit na HIV/AIDS sa Asya at Aprika.

Ayon sa isang eksperto, ang suliranin ukol sa diktaturya, paglabag sa karapatang-pantao, kahirapan at sakit na HIV/AIDS ay nananatiling laganap sa Asya at Aprika. Hanggat hindi nabibigyan ng tugon sa Pagpupulong ng mga bansang Asyano at Aprikano ang mga bagay na ito, mahihirapang makamit ng mga bansang ito ang pagkilala mula sa ibang mga bansa.

**Forum for East Asia-Latin America Cooperation**

Ang ikatlong pagpupulong ng Politikal, kultural and Education Working Group ng Forum for East Asia-Latin America Cooperation (FEALAC) ay ginanap sa Singapore mula ika-9 hanggang ika-10 ng Setyembre, 2004. Ang nasabing pagpupulong ay ginawa upang pag-ibayuhin pa ang nagawa sa una at ikalawang pagpupulong ng

Working Group sa Singapore mula ika-1 hanggang ika-3 ng Mayo, 2002, at sa Chile mula ika-8 hanggang ika-9 ng Mayo, 2003. Ang naging tagapangulo ng pagpupulong ay sina G. Wong Kwok Pun Mula sa Ministeryo ng Ugnayang Panlabas ng Singapore at Bb. Lina Maria Ibanez mula naman sa Ministeryo ng Ugnayang panlabas ng Colombia.

Ang pagpupulong ay dinaluhan ng mga kinatawan mula sa Australya, Brazil, Brunei Darussalam, Cambodia, Chile, Tsina, Colombia, Costa Rica, Guatemala, Indonesia, Hapon, Korea, Lao PDR, Malaysia, Mexico, Myanmar, New Zealand, Panama, Paraguay, Peru, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam.

Sa pagbubuo ng Agenda, sinuring mabuti ng mga delegado ang iba't ibang proyekto sa larangan ng pulitika, kultura at edukasyon sa pagitan ng Silangang Asya at Latin Ameika. Ang mga pambansang ulat at pahayag ay ipinalabas ng mga bansang Australya, Brazil, Brunei Darussalam, Chile, Tsina, Colombia, Costa Rica, Guatemala, Indonesia, Hapon, Korea, Malaysia, Mexico, Myanmar, New Zealand, Panama, Paraguay, Peru, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam.

Sa pagsasaalang-alang ng mga pambansang ulat, kinilala sa pagpupulong na mayroong malaking interes ang Silangang Asya at Latin Amerika sa paglikha ng isang higit na malalim na ugnayan. Ang pagtutulungan sa pagitan ng dalawang rehiyong ito sa aspetong pulitikal, kultural at ng edukasyon ay hudyat ng pagbuti ng relasyon ng dalawa mula ng masimulan ang FEALAC. Kinilala rin sa pagpupulong ang kahalagahan ng pagtutuon ng pansin sa mga paraan upang maisusulong ang kamalayan at pagkakaunawaan ng dalawang rehiyon na maaaring lumikha ng higit na malalim na pagtutulungan sa aspetong pampulitika, pang-ekonomiya at panglipunan.

Sinabi na yamang ito ang unang pagpupulong mula ng ikalawang FEALAC Foreign Ministers Meeting (FMM II) sa Maynila noong Enero, 2004, mahalaga na humanap ng mga paraan na makakatulong sa pagpapatupad ng mga alituntunin ng FMM II. Isa sa mga hakbangin upang maisagawa ito ay ang pagbibigay pansin sa posibilidad ng pagpapalawak ng kooperasyon sa mga aspetong tulad ng edukasyon at pagsugpo sa mga krimeng tulad ng terorismo at pagtutulak ng droga. Tinanggap ng pagpupulong ang inihaing plano ng Thailand na Workshop for Drug Cooperation for FEALAC Countries at ang malawakang partisipasyon para rito. Tinanggap rin ang suhestiyon ng Indonesia hinggil sa pagdalo ng mga miyembro ng FEALAC sa Jakarta

Centre para sa Law Enforcement Cooperation. Napagkasunduan rin sa pagpupulong na ang prinsipyo ng "paghahati-hati ng responsibilidad" at "pagiging isang Komunidad" ang magiging gabay sa pagwawasto ng kooperasyon sa mga nabanggit na larangan. Napagpasiyahan rin sa pagpupulong na ang mga kasaping bansa ay maaaring magbigay ng kanilang pananaw at komento sa mga aspetong nabanggit sa bansang Colombia, upang tulungan ito sa paglikha ng mga proyekto.

Kinilala ng pagpupulong ang kahalagahan ng mga pambansang proyekto sa pagpapatibay ng ugnayan ng Silangang Asya at Latin Amerika. Binigyang diin rin ng pagpupulong na mahalaga ito sa pagpapaunlad at pagpapatupad ng mga Forum-wide project, yamang ang mga proyektong ito ay nakatutulong sa pagpapatatag ng Forum at pagsusulong sa proseso ng FEALAC. Ang mga sumusunod na pasiya ay ginawa sa mga kasalukuyang proyekto ng FEALAC na nakatala sa ibaba:

- Ulat ukol sa Ugnayang Pulitikal at Kultural sa pagitan ng Silangang Asya at Latin Amerika: Pinapurihan ng pagpupulong ang Paraguay at New Zealand sa kanilang pagsisikap na makapaghanda ng ulat ukol sa Ugnayang Pulitikal at Kultural sa pagitan ng Silangang Asya at Latin Amerika. Ang ulat ay kapakipakinabang para sa mga nagdaan at kasalukuyang pagtutulungan sa pagitan ng dalawang rehiyon, at makakatulong sa pagpapalawak ng kamalayan sa bumubuting kooperasyon rito. Napagpasiyahan sa pagpupulong na ang mga bansang FEALAC ay magpapadala ng kanilang mga komento hinggil sa ulat ng Paraguay at New Zealand sa katapusan ng Oktubre, 2004.
- FEALAC Young Parliamentarians Forum (YPF): Tinanggap ng pagpupulong ang plano ng Singapore na dito ganapin ang YPF, sa ikatlong bahagi ng 2005, na sinangayunan naman ng FMM II. Napagpasiyahan na ang mga bansang kasapi ay maaaring magbibigay ng mahahalagang contact point dalawang linggo matapos ang pulong ng Working Group upang matukoy kung kanino ibibigay ang mga paanyaya. Ipinahayag ng Singapore ang pagnanais nitong matukoy ang mga kinatawan para sa YPF sa katapusan ng 2004.
- Young Leaders Symposium: Tinanggap ng pagpupulong ang pagpapatuloy ng Young Leaders Symposium ng Hapon.


- Kinilala ng pagpupulong ang ika-8 Forum for Korea-Latin America and the Caribbean Coperation.

Kinilala ng pagpupulong ang pagtutulungang kultural bilang isang mahalagang hakbangin sa pagpapalawak ng pagkakaunawaan at kamalayan sa pagitan ng Silangang Asya at Latin Amerika. Kasabay nito, kanilang tinanggap ang mga inihaing plano ng Malaysia at Tsina. Upang mapagbuti ang pagtutulungan, hinikayat ang mga bansang FEALAC na makilahok sa mga pambansang proyekto tulad ngFEALAC Journalist Visit Programme ng Singapore, kung saan nakibahagi na ang Thailand, Tsina at Australya.

Sinabi sa pagpupulong na ito ang unang pagkakataon na tinalakay ang mga usaping may kaugnayan sa edukasyon bilang bahagi ng Political and Cultural working Group mula ng ito ay ilipat mula sa Science and Technology Working Group sa ikalawang Pulong ng mga Minstrong Panlabas ng FEALAC sa Maynila noong Enero, 2004. Tinanggap ng pagpupulong ang patuloy na pag-unlad ng FEALAC Academic Network (FAN) na ginamit ang information technology upang mapaglapit ang dalawang rehiyon. Iminungkahi sa pagpupulong na iugnay ang FAN sa mga kasalukuyang proyekto gaya ng Philippine Consortium for Latin American Studies (PACLAS) upang higit na mapabilis ang pagpapalitan ng impormasyon. Binigyang halaga ang mungkahing plano ng Thailand sa edukasyon – ang Fellowship Arrangements para sa mga bansang kasapi ng FEALAC at mga kawani nito, at Student Exchange Programme sa pagitan ng mga kolehiyo sa Latin Amerika at Pamantasan ng Burapha.

Kinundena ng pagpupulong ang insidente ng pambobomba sa Jakarta noong Ika-9 ng Setyembre, 2004. Muli nilang inihayag ang kanilang pagkabahala ukol sa terorismo. Sa kanilang paggunita sa Manila Plan of Action, nangako ang lahat ng delegado na magtutulungan upang tugunan ang mga hamong pangkaligtasan at labanan ang terorismo. Ipinahayag ng mga kalahok ang kanilang simpatiya at pakikiramay sa mga pamilya ng mga naging biktima ng pambobomba.

Binigyang pasasalamat sa pagpupulong ang Pamahalaan ng Singapore sa mahusay na pagsasaayos at mainit na pagtanggap nito sa mga kalahok.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

**"Libre ang Mangarap"**

Marahil, isa sa iyong pangarap ay ang malagpasan natin ang lahat ng hamong hinaharap ng ating bansa. Pangarapin mo na ikaw ay pangulo ng Pilipinas at kalahok ka sa samahang binubuo ng mga bansang Asyano. Ilarawan mo ang nais mong mangyari sa ating bansa sa hinaharap. Ikumpara mo ito sa mga inaasahang mangyayari kung ang pagbabatayan ay ang mga kasalukuyang sitwasyon.

| Larangan | Mga inaasahang mangyayari batay sa kasalukuyan (anticipated future) | Mga Nais mong mangyari (preferred future) |
|---|---|---|
| **Pulitika** | | |
| **Ekonomiya** | | |
| **Panlipunan at Kultura** | | |



**Tandaan Mo!**

- Singapore, ang nangunang bansa sa pagbubuo o pagtatag ng Asia-Europe Meeting (ASEM).
- May dalawampu't-anim (26) na bansa ang kasapi sa ASEM:

➢

➢ Ang unang bansang ginanapan ng ASEM ay sa Bangkok, Thailand noong Marso, 1996.

➢ Ang ASEM ay itinatag ng 26 na bansa nito- 10 mula sa Asya (pito ay mula sa ASEAN at 3 sa Hilagang-Silangang Asya, samantalang ang 15 ay pawang miyembro ng European Union (Austria, Belgium, Denmark, Finland, Pransiya,

Alemanya, Gresya, Ireland, Italya, Luxembourg, Netherlands, Portugal, Espanya, Sweden at United Kingdom).

- Ang pagpupulong ng FEALAC ay dinaluhan ng mga kinatawan mula sa Australya, Brazil, Brunei Darussalam, Cambodia, Chile, Tsina, Colombia, Costa Rica, Guatemala, Indonesia, Hapon, Korea, Lao PDR, Malaysia, Mexico, Myanmar, New Zealand, Panama, Paraguay, Peru, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam.
- Noong 1955, 29 na mga pinuno ng estado at pamahalaan mula sa Asya at Aprika ang nagkatipun-tipon sa Bandung, Indonesia para sa kauna-unahang Asia-Africa Conference kung saan buong pagmamalaking inihayag ng mga bansa ang kanilang pagkakaisa na nakikita nila bilang panimbang sa mundong nahahati ng digmaan ng ideolohiya, malaya mula sa imperyalismo at sa kapangyarihan ng Kanluran.



**Gawain 3: Paglalapat**

1. Ano ang reaksyon mo sa sinabi ni Martin Luther King Jr.?
2. Ipagpalagay mo na ikaw ay isang lider ng bansang kabilang sa mga organisasyong Asyano, ito rin ba ang nais mong masabi ng iba tungkol sa iyong sarili?

*" If any of you are around when I have to meet my day. I don't want a long funeral. And if you get somebody to deliver the eulogy… Tell him not to mention that I have a Nobel Peace Prize.*


*That isn't important… I'd like someone to mention on that day Martin Luther King, Jr., tried to give his life serving others. I'd like for somebody to say that Martin Luther King, Jr., tried to love somebody."*

(Huling sermon ni Martin Luther King Jr.)

**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO**

Ngayong natapos mo na ang mga aralin sa modyul na ito, ano ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan?

- ♦ Ang ASEAN ay isang alyansang panrehiyon ng mga bansang kabilng sa Timog-Silangang Asya.
- ♦ Itinatag ang ASEAN noong 1967 ng mga bansang Malaysia, Thailand, Indonesia, Singapore at Pilipinas. Sumunod naming naging kasapi ang Brunei (1984), Vietnam (1995), Laos at Myanmar (1997), at Cambodia (1999).
- ♦ Ang APEC ay isang samahang binubuo ng 20 bansa at isang administratibong rehiyon (Hong Kong).
- ♦ Layunin ng APEC na mapaunlad at mapag-ugnay ang mga ekonomiya ng mga kasaping bansa. Kabilang dito ng iba't ibang bansa mula as Asya Pasipiko.
- ♦ Ang ASEM ay itinatag ng 26 na bansa nito- 10 mula sa Asya (pito ay mula sa ASEAN at 3 sa Hilagang-Silangang Asya, samantalang ang 15 ay pawang miyembro ng European Union (Austria, Belgium, Denmark, Finland, Pransiya, Alemanya, Gresya, Ireland, Italya, Luxembourg, Netherlands, Portugal, Espanya, Sweden at United Kingdom).
- ♦ Ang pagpupulong ng FEALAC ay dinaluhan ng mga kinatawan mula sa Australya, Brazil, Brunei Darussalam, Cambodia, Chile, Tsina, Colombia, Costa Rica, Guatemala, Indonesia, Hapon, Korea, Lao PDR, Malaysia, Mexico, Myanmar, New Zealand, Panama, Paraguay, Peru, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam.
- ♦ Noong 1955, 29 na mga pinuno ng estado at pamahalaan mula sa Asya at Aprika ang nagkatipun-tipon sa Bandung, Indonesia para sa kauna-unahang Asia-Africa Conference kung saan buong pagmamalaking inihayag ng mga bansa ang kanilang pagkakaisa na nakikita nila bilang panimbang sa mundong nahahati ng digmaan ng ideolohiya, malaya mula sa imperyalismo at sa kapangyarihan ng Kanluran.



**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT:**

I. Panuto: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa mga ss. na kapakinabangan ay di-mula sa APEC?
   A. Paglaki ng bilang ng mga hanap-buhay na mapapasukan
   B. Pagbaba ng halaga ng bilihin
   C. Pagkabawas ng polusyon
   D. Pagkabawas ng kahirapan

2. Alin sa mga ss. ang di-kabilang sa tinatawag na "3 Haligi" ng APEC?
   A. Liberalisasyon ng kalakalan at Pamumuhunan
   B. Pagpapadali ng Pagnenegosyo
   C. Pagtutulungang Teknikal at Pang-ekonomiya
   D. Pagpapababa ng Buwis

3. Ano ang pangunahing prayoridad ng APEC ngayong taong ito?
   A. Pagsusulong ng malayang kalakalan
   B. Paglaban sa korupsyon
   C. Reporma sa APEC
   D. Kaligtasang Pantao

4. Ano ang ibig sabihin ng MAPA sa APEC?
   A. Manila Action Plan for APEC
   B. Melbourne Action Plan for APEC
   C. Malaysia Action Plan for APEC
   D. Myanmar Action Plan for APEC

5. Saang APEC summit sinang-ayunan ang pagkakaroon ng APEC Business Travel Card?
   A. Vancouver, Canada
   B. Auckland, New Zealand
   C. Los Cabos, Mexico
   D. Santiago, Chile

6. Ilang milyong trabaho ang nalikha sa mga bansang kasapi ng APEC?
   A. 195 milyon
   B. 174 milyon
   C. 165 milyon
   D. 154 milyon

7. Alin sa mga ss. na pagbabagong Panlipunan ang di-buhat sa APEC?
   A. Pag-unlad ng ekonomiya
   B. Pagkabawas ng kahirapan
   C. Paglaki ng bilang ng mga pumapasok sa paaralan
   D. Pagkabawas ng korupsiyon

8. Ano ang nagaganap sa ilalim ng Liberalisasyon ng kalakalan at pamumuhunan?
   A. Pagbabawas ng mga balakid sa kalakalan at pamumuhunan
   B. Pagbibigay-laya sa mga “smuggler” na makapaglabas-masok sa mga bansa
   C. Pagbibigay ng mga pagsasanay sa mga manggagawa upang maging produktibo ang mga ito.
   D. Pagpapapasok sa mga bansa ng mga produktong di-ligtas

9. Alin sa mga sumusunod ang nabuo sa ginanap na APEC Summit sa Osaka, Hapon noong 1995?
   A. Electronic Individual Action Plan
   B. Osaka Action Agenda
   C. Early Voluntary Sectoral Liberalization
   D. Tokyo Initiative Plan

10. Anong bansa ang nanguna sa pagbubuo o pagtatatag ng ASEM?
    A. U.K.
    B. Hapon
    C. Pransiya
    D. Singapore

11. Ano ang ibig sabihin ng ASEM?

A. American States Empowerment Movement
B. Asia-Europe Meeting
C. Anti-Semitic Movement
D. Africa-South America Economic Meeting

12. Ilan ang miyembro ng ASEM?

A. 24
B. 25
C. 26
D. 27

13. Alin sa mga ss. na bansa sa Hilagang-Silangang Asya ang di-kabilang sa ASEM?

A. Hilagang Korea
B. Hapon
C. Timog Korea
D. Tsina

14. Ilang mga bansa sa Europa ang kabilang sa ASEM?

A. 5
B. 10
C. 15
D. 20

15. Alin sa mga ss. ay di-kabilang sa ASEM?

A. Austria
B. Belgium
C. Czechoslovakia
D. Denmark

16. Bansang unang ginanapan ng ASEM?
    A. Thailand
    B. Timog Korea
    C. Denmark
    D. Vietnam

17. Bansang pinagganapan ng ASEM noong 2000
    A. Thailand
    B. Timog Korea
    C. Denmark
    D. Vietnam

18. Bansang pinagganapan ng ASEM noong 2004
    A. Thailand
    B. Timog Korea
    C. Denmark
    D. Vietnam

19. Ano ang ibig sabihin ng FEALAC?
    A. Far East Asia-Latin America Council
    B. Far East Asia-Latin America Corporation
    C. Forum for East Asia-Latin America Council
    D. Forum for East Asia-Latin America Corporation

20. Sa aling bansa ginanap ang ikatlong pagpupulong ng working group sa aspetong pulitikal, kultural at ng edukasyon ng FEALAC?
    A. Singapore
    B. Mexico
    C. Hapon
    D. Brazil



## GABAY SA PAGWAWASTO:

**PANIMULANG PAGSUSULIT**

1. B
2. B
3. D
4. C
5. D
6. D
7. B
8. B
9. B
10. A
11. C
12. B
13. C
14. A
15. A
16. A
17. A
18. C
19. A
20. B

**ARALIN 1: ASSOCIATION OF SOUTHEAST ASIAN NATIONS (ASEAN)**

**GAWAIN 1: Pag-isipan Mo!**

1. Pilipinas
2. Cambodia
3. Thailand
4. Laos
5. Singapore
6. Indonesia
7. Malaysia
8. Vietnam
9. Brunei
10. Myanmar

**ARALIN 2: ASIA-PACIFIC ECONOMIC COOPERATION (APEC)**

**GAWAIN 1: Pag-isipan Mo!**

1. E
2. F
3. H
4. B
5. D
6. A
7. G
8. C
9. K
10. I
11. L
12. J

**ARALIN 3: ASIA-EUROPE MEETING (ASEM), FORUM FOR EAST ASIA-LATIN AMERICA COOPERATION (FEALAC), AT ASIA-AFRICA SUMMIT**

**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

1. Liberalismo
2. Malayang Kalakalan
3. Teknolohiya
4. Per Capita GNP
5. Produktibidad
6. Sistemang kabuhayan
7. Newly Industrialized Country
8. Industriyalisasyon
9. Hilaw na Materyales
10. Globalisasyon

**PANGWAKAS NA PAGSUSULIT**

1. C
2. D
3. A
4. A
5. B
6. A
7. D
8. A
9. B
10. D
11. B
12. C
13. A
14. C
15. C
16. A
17. B
18. D
19. D
20. A